Mga Tract ni Robert McClurkin

Robert McClurkin

Salin sa Tagalog ng “Tracts by Robert McClurkin”

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

Tama Ba Kami?

Tract Blg. 5

Maraming taon na ang nakalipas nang magsimula ang pagkahumaling na magpasok ng mga bagong pamamaraan sa gawi ng mga assembly. Bagaman nabagabag kami, inakala naming makakasabay pa kami rito, basta't hindi ginagalaw ang mga Banal na Prinsipyo. Ngunit ngayon, ang parehong pagkahumaling ng ilang kapatid na baguhin ang lahat ay humantong mula sa mga pamamaraang kulang sa dangal tungo sa paglabag sa mga prinsipyo ng katotohanan. Ang nakababahalang takbong ito ang nagtulak sa amin na magtaas ng tinig ng babala sa mga assembly ng minamahal na bayan ng Diyos.

Suriin natin ang kasaysayan ng mga banal na, sa malalim na pagsasanay ng kaluluwa, ay iniwan ang denominasyonalismo upang magtipon nang payak sa Pangalan lamang ng Panginoon:

Tama ba kami nang iwan namin ang di-banal na halu-halo ng sektaryanismo upang pahalagahan ang huwaran ng Diyos sa kaligtasan, bautismo at pakikisama sa mga lokal na assembly ng Kanyang bayan? Nagkamali ba kami sa pagkilala sa kaayusan at gawa ng Espiritu ng Diyos sa pagkakumbinsi, pagsisisi, pagbabalik-loob, pagpapahayag sa tubig ng bautismo at pananatili sa aral ng mga Apostol, sa pakikisama, sa pagpuputol-putol ng tinapay at sa mga pananalangin? (Gawa 2) Ang apat na bahagi ng debosyon sa talata 42 ay mga pagpapakita lamang ng ating pag-ibig sa katotohanan ng Diyos, sa bayan ng Diyos, sa Anak ng Diyos at sa mga nilalang ng Diyos na nawawala sa kasalanan. Hindi ba natin

pinasasalamatan ang Diyos na handa tayong umupo sa "luklukan ng hindi marunong" (1 Cor. 14:16) hanggang sa makumbinsi tayo na ito ang huwaran ng Diyos, at saka maranasan ang banal na kagalakan ng pagtanggap sa lahat ng pribilehiyo at pananagutan ng buhay-assembly?

Ihambing ang maka-Diyos na kaayusang ito sa kasalukuyang gawi ng maraming nagpapakilalang assembly. Isinasantabi ang bautismo na para bang hindi mahalaga; may ilang namumuno pa nga na ayaw yumuko rito. Ang pagtanggap ngayon ay hindi na dahil sa pagkakumbinsi kundi dahil sa kaginhawahan, at tinatanggap ang sinumang nagsasabing siya'y Cristiano, anuman ang kanyang pinaniniwalaan. Dahil dito, napabayaan na ang maka-Kasulatang gawi ng mga sulat ng rekomendasyon. Hindi nakapagtataka na karamihan sa mga kabataan ay hindi na alam ang pagkakaiba ng isang denominasyonal na iglesya at ng isang assembly ng bayan ng Diyos.

Tama ba ang ating mga naunang kapatid nang iwan nila ang mga sekta ng tao, kasama ang lahat ng palamuting pang-iglesya, upang hawakan at sundin ang mas payak na huwaran ng iglesya sa Bagong Tipan? Tama ba sila nang ilapag nila ang kanilang mga titulong panrelihiyon sa paanan ng kanilang Panginoon, na may maka-Diyos na kasiyahang maging magkakapatid lamang kay Cristo? Taos-puso nilang pinaniwalaan na itinuturo ng Kasulatan na ang espirituwal na kaloob ay dapat turuan at sanayin ng Espiritu sa loob ng assembly. Makikita ang bunga nito sa mga lalaking tinuruan ng Espiritu na naging pinakamahuhusay na guro ng Salita ng Diyos.

Ngunit ngayon, sinasabi sa atin na mali sila. Nagulat ang mga banal nang makita sa isyu ng Mayo 1966 ng isang magasin ng assembly ang isang patalastas na humihimok sa mga kabataang lalaki na pumasok sa Trinity Divinity School upang makakuha ng digri at lalong maihanda sa paglilingkod sa Panginoon. Sa Seminaryong ito, ilang sektaryong propesor, na hindi kailanman nakakita ng katotohanan ng huwaran ng assembly, ang magtuturo sa ating mga kabataang lalaki. Noong una, isang Bible School, na siyang manipis na dulo ng kalang; ngayon ay isa nang ganap na teolohikong seminaryo. Ang susunod, nangangamba kami, gaya ng itinataguyod na ng ilan, ay ang mga lalaking galing lamang sa seminaryo na may digri ang tatanggapin sa ilang plataporma at kumperensya ng assembly. Ganyan kabilis ang nakababahalang paglayo na kumikilos sa bayan ng Diyos ngayon.

Kaugnay nito ang lumalaganap na gawing pag-imbita sa mga sektaryong lalaki, o mga lalaking ang isang paa ay nasa mga assembly at ang isa ay nasa denominasyonalismo, sa mga plataporma ng assembly. Bagaman naniniwala kami na marami sa mga lalaking ito ay maka-Diyos sa pamumuhay at matatag sa ebanghelyo, at maaari natin silang mahalin at pahalagahan bilang mga kaanib ng Katawan ni Cristo, bahagi pa rin ito ng takbong bumalik sa mismong pinaglabasan sa atin ng Diyos.

Tama ba kami nang iwan namin ang organisasyon at lumabas sa maka-Kasulatang huwaran ng assembly, kung saan ang espirituwal na kaloob ay pauunlarin at sasanayin sa loob ng assembly ng Espiritu ng Diyos? Tama ba ang mga naunang assembly nang hingin nila na ang mga full-time na manggagawa ay subukin muna sa

pagkatao, kaloob at pagiging kapaki-pakinabang bago humayo dala ang ebanghelyo? Tama ba ang mga manggagawang ito nang humayo silang nagpapasimuno sa ebanghelyo at nagtatatag ng mga iglesya ayon sa Bagong Tipan? Tama ba sila na walang tinanggap mula sa mga Hentil kundi sa Panginoon lamang umasa para sa bawat pangangailangan? Makikita ang bunga ng kanilang gawain sa daan-daang assembly na kumikilos nang walang tukod ng isang klerikal na ministeryong pang-isang-tao.

Ngunit ngayon, sabi nila, ang huwarang apostoliko ay hindi angkop sa ating makabago at naliwanagang panahon. Lumalabas ang mga kabataang lalaki mula sa Bible School, at di magtatagal ay dadaloy sila mula sa mga teolohikong seminaryo, dala ang mga biglang-isip ng malalaking proyekto na naglalagay sa kanila sa liwanag ng entablado at ginagawa silang manlalakbay sa buong mundo sa gastos ng bayan ng Panginoon. [Isang bahagi rito ang hindi mabasa sa scan.] hindi kailanman pumasok sa liblib na kabukiran upang doon manirahan at maglakad sa bahay-bahay dala ang ebanghelyo. Ang gawaing pagpapasimuno, malayo sa kinang at palakpak ng mga pabagu-bago, ay hindi ayon sa panlasa ng mga relihiyosong mapaghanap ng pakikipagsapalaran. Dahil hindi kailanman natutunan ang mga daan ng Diyos, ang ilan sa mga ito ay naging propesyonal na tagapagbenta, nagpapalipat-lipat mula sa isang assembly patungo sa iba [Isang bahagi rito ang hindi mabasa sa scan.] ipangaral ang ebanghelyo nang may linaw at kapangyarihan; at lalong kakaunti ang marunong magtanim ng isang assembly ayon sa kaayusan ng Diyos.

Kung tama kami sa pagtanggi sa denominasyonalismo at klerikalismo kasama ang buong di-maka-Kasulatang

makinarya nito. Kung tama kami sa paglabas "sa labas ng kampamento" patungo sa isang itinakwil na Panginoon at sa payak na huwaran ng Diyos na hindi nakagapos sa mga kaayusan ng tao. Kung tama kami sa paglabas patungo sa lugar na pinili ng ating Panginoon (Mat. 18:20), hiwalay sa sanlibutan: sa isang maluwang na lugar, sa lugar na sapat ang luwang para kumilos ang Espiritu ng Diyos, para gumana ang mga kaloob ng Nabuhay na Ulo ng Iglesya, at para maisagawa ang buong Salita ng Diyos—sinasabi namin, kung tama kami, kung gayon ang kasalukuyang mga hakbang na mag-organisa, magsentralisa at makipagkaibigan sa relihiyosong sanlibutan ay mali.

Bigyan kami ng Diyos ng pamumuno! Mga lalaking may paninindigan, pagkatao at tapang na ang mga paa ay nakaturo sa tamang direksyon. Mga lalaking bibili ng katotohanan at hindi ito ipagbibili, hindi para sa kasikatan ni para sa posisyon. Mga lalaking may matalas na espirituwal na pang-unawa, na alam ang tama sa mali at gagawin ang tama, na alam ang katotohanan sa kamalian at itituro ang katotohanan. Mga lalaking, sa pakikisama sa Diyos, ay nakikilala ang tusong mga pakana ng kaaway at nagbabababala sa mga banal tungkol sa mga nakasisirang impluwensyang kumikilos sa kanila. Mga lalaking nakikita ang panganib na saanman wasakin ang isang natatanging patotoo ng assembly sa buong katotohanan ng Diyos, ang bayan ng Diyos ay hihigupin sa isang ipu-ipo. Sila'y magiging kawing sa isang malaking ekumenikal na huwad na iglesya na kasalukuyang binubuo, at sa gayon ay di-namamalayang tagapagtayo ng isa pang tore ng Babel.

Kayo'y Naglilingkod sa Panginoong Cristo

Isang salita sa lahat ng naglilingkod sa Panginoon. Tract Blg. 6

Isa sa pinakadakilang pribilehiyong ipinagkaloob sa atin ay ang matawag ng Diyos sa isang tiyak na paglilingkod. Ang makilala ang Diyos ay ang ibigin Siya, at ang ibigin Siya ay ang paglingkuran Siya. Ngunit ang mga pribilehiyo ay may kaakibat na mga pananagutan. Sa layuning iyan, pag-isipan natin ang

Paghahanda ng Lingkod

Sinanay ng ating Panginoon ang Kanyang mga lingkod nang lihim para sa nais Niyang gawin nila nang hayagan. Ang mga apostol ay sumama sa ating Panginoon nang tatlo't kalahating taon, sinisipsip ang Kanyang espiritu at pagkatao at natututunan ang Kanyang mga daan sa gawain ng Diyos. Sila muna ay mga alagad, saka mga ebanghelista, saka mga guro. Ito ang kaayusan ng Diyos. Inakala ni Moises na siya'y magiging pinuno sa Israel bago siya hinog sa paaralan ng Diyos sa likod ng ilang. Ngunit tinanggihan siya ng Diyos. Kinailangang lumakad si Eliseo kasama ni Elias at matuto mula sa kanya bago bumagsak sa kanya ang balabal. Isinugo si Pablo sa Arabia upang makilala ang Diyos. Pagkatapos ay gumugol siya ng ilang taon sa Tarso, ang kanyang sariling lugar, bago pumunta sa Antioquia na mula roon siya ay ipinagkatiwala sa biyaya ng Diyos. Siya mismo ang nagpatotoo, "pagkatapos akong masubok ay ipinagkatiwala sa akin ang ebanghelyo" (1 Tes. 2:4).

Ang assembly, kasama ang mga pribilehiyo at gawain nito, ang pinakamainam na lugar ng pagsasanay para sa mga lingkod ng Diyos. Dito, ang mga batang mananampalataya ay makakaupo sa ilalim ng iba't ibang ministeryo ng mga maka-Diyos at may kaloob na lingkod ni Cristo, lokal man o naglalakbay. Dito rin may pagkakataong makibahagi sa bawat sangay ng gawain nito, gaya ng pangangaral sa labas, Sunday School, pamamahagi ng tract, mga pulong sa tahanan, at iba pa. Naroon din ang pakinabang ng matalinong payo mula sa mga maka-Diyos na matatanda at ang pagkakataong mahinog sa kapaligirang ang "ganito ang sabi ng Panginoon" ang pinakamataas. Walang makapapalit sa assembly bilang lugar ng pagsasanay ng Diyos. Habang natututunan ng isang tao ang Diyos sa lihim ng Kanyang presensya, at ang mga daan ng Diyos sa pakikisama sa Kanyang bayan sa assembly, maisasagawa niya ito sa mga kalagayan ng pang-araw-araw na buhay, sa opisina man, sa pabrika, sa high school o sa unibersidad. Ito ay humahantong sa tibay ng pagkatao at sa matatag na personal na patotoo para kay Cristo.

Titingnan naman natin ngayon ang

Rekomendasyon sa Lingkod

Ang pinakadakilang rekomendasyon na maaaring taglayin ng isang tao ay ang kanyang sariling pagkatao at ministeryo. Dapat itong malinaw sa lahat ng bayan ng Panginoon. Sinumang hindi katanggap-tanggap sa sarili niyang assembly at sa mga assembly na malapit sa kanya ay hindi kailanman magiging katanggap-tanggap ni kapaki-pakinabang saanman. Hindi dapat basta-basta irekomenda ng matatandang kapatid ang ganoong tao at

ipataw ang di-mabatang pasanin sa mga assembly sa ibang lugar, dito man o sa ibang bansa.

Ang tinawag ng Diyos sa full-time na paglilingkod ay magpapatunay ng kanyang sarili sa budhi ng bayan ng Panginoon, kapwa sa pagkatao at kaloob. Hahanapin ng assembly sa kanya ang tatlong katangian na hinanap ni Pablo nang isasama na niya si Timoteo sa gawain ng Panginoon. Kay Timoteo, nakita ni Pablo ang isang lalaking may mabuting pagkatao—siya'y may mabuting patotoo mula sa mga kapatid (Gawa 16:1, 2); isang lalaking binigyan ng kaloob ng Banal na Espiritu (2 Tim. 1:6, 7); at isang lalaking may unawa sa Salita ng Diyos (2 Tim. 2:15; 3:14-17). Magiging matalino ang matatandang kapatid kung tatanggi silang masiyahan sa anumang kulang dito.

Sinasabi ng Salita ng Diyos, "kilalanin ninyo ang nagpapagal sa gitna ninyo." May karapatan ang bayan ng Panginoon na malaman kung anong uri ng mga lalaki ang lumalabas mula sa kanila at naglalabas-pasok sa mga assembly ng bayan ng Diyos. Ano ang kanilang pagkatao? Sila ba'y mga Cristianong maginoo, kapwa sa ministeryo at sa asal? O sila ba'y mapaghingi, walang pakundangan at bastos? Ano ang kanilang ministeryo? Nakapagdala ba sila ng mga kaluluwa kay Cristo at napatatag ba nila ang mga banal sa mga daan ng Diyos? Ano ang kanilang motibo? Nasa gawain ba sila para sa kaluwalhatian ng Diyos, o para sa maruming pakinabang, sa papuri ng tao, o sa isang maginhawa at walang-layuning buhay na palaging naglalakbay sa gastos ng bayan ng Panginoon?

Bukod dito, ang rekomendasyon ay para sa ebanghelyo. Ang gawaing medikal at ang mga tahanan para sa mga

ulila at matatanda ay mabuti at kapuri-puri sa kanilang lugar, ngunit pangalawa lamang ang mga ito at hindi dapat pumalit o bigyan ng higit na diin kaysa sa ebanghelyo at sa pagtatatag ng mga assembly ayon sa Bagong Tipan. Walang alam ang Salita ng Diyos kundi rekomendasyon para sa ebanghelyo.

Pag-isipan naman natin ngayon ang

Atas sa Lingkod

Na ipinagkatiwala sa kanya. Napansin na sa Mateo 28 ay may dalawang atas: isang huwad, mula sa matatanda at mga saserdote ng Israel sa mga kawal, at isang tunay, mula sa ating nabuhay na Panginoon sa mga alagad. Ang mga kawal ay inatasang ipangaral ang isang patay na Cristo, ipangaral ang isang kasinungalingan, at malaking salapi ang ipinangako sa kanila. Ang mga alagad naman ay ipangangaral ang isang buháy na Cristo, sasabihin ang buong katotohanan, at wala ni isang salitang binanggit tungkol sa salapi. Hahayo sila na umaasa sa Kanya, walang tinatanggap mula sa mga Hentil. Tinuruan silang sabihin ang kanilang mga pangangailangan sa walang iba kundi sa Kanya. Napakalaking kaibahan sa mga pamamaraan ngayon! Madalas, ipinapaalam ang mga pangangailangan sa mga circular na liham. Malaki ang puwang ng salapi sa napakaraming tinatawag na gawain ng Panginoon. Ang landas ng pananampalataya na dapat lakaran ng lingkod ay sinisira ng isang uri ng propesyonalismo.

Tinatawag ng Kasulatan na mga manggagawa ang naglilingkod sa Panginoon. Ngunit iba ang makabagong takbo. Bumababa na ba tayo sa antas ng relihiyosong sanlibutan na itinuturing ang pangangaral na isang propesyon na may takdang sahod? Kahiya-hiya ang

sinumang lingkod, dito man o sa ibang bansa, na umaalis sa landas ng pananampalataya upang umasa sa tao. Tandaan natin na ang nagbabayad sa tagatugtog ang siyang pumipili ng tugtugin. Ang mabili ng salapi ay ang mapamahalaan ng bumili.

May tatlong bagay na pinagsama sa atas ng Panginoon na hindi natin dapat paghiwalayin. Gagawa sila ng mga alagad mula sa lahat ng bansa. Tatatakan nila ang mga alagad sa tubig ng bautismo, at huhubugin nila ang mga alagad sa pagtuturo ng buong Salita ng Diyos. Ang atas na ito ay isinagawa nang eksakto sa Mga Gawa ng mga Apostol: gumawa sila ng mga alagad (14:21 marg.), binautismuhan nila ang mga nagbalik-loob (2:41; 8:12, 38; 9:18; 10:47; 16:15, 33; 18:8; 19:5), itinatag nila sila sa mga lokal na assembly. Nang maturuan na nila ang mga banal, naghalal sila ng matatanda sa bawat iglesya. Pagkatapos ay ipinasa nila ang pananagutang kumilos at magpatotoo sa balikat ng mga nagbalik-loob at iniwan sila upang gawin ng mga banal ang kanilang sariling kaligtasan (Gawa 14:23; Fil. 2:12). Totoo na bumalik ang mga apostol upang maglingkod sa mga assembly na ito, hindi upang gawin ang kanilang gawain para sa kanila, kundi, sa pamamagitan ng kanilang ministeryo at payo, upang ihanda sila na lalong mahusay na gawin ang kanilang sariling gawain (Efe. 4:11-16).

Pansinin natin ang apat na "Lahat" sa atas na ito. Sinabi ng ating Panginoon, "Ibinigay sa Akin ang lahat ng kapamahalaan." Ibig sabihin, Siya lamang ang may karapatang mag-utos, mamahala at magtulak sa atin. Ang kapamahalaang ito ay hindi Niya ibabahagi sa iba. Sa larangan ng isang budhing tinuruan ng Kasulatan, si Cristo ang dapat maghari nang lubos. Ang "lahat ng bansa" ay nagpapahiwatig na ang sanlibutan ang

parokya ng Iglesya. Ang kaloob ng mga wika sa unang iglesya ay ibinigay bilang tanda sa bansang Judio na napabayaan nitong ibahagi ang kaalaman tungkol sa Diyos sa "mga taong may ibang wika." Tinatawag na ngayon ang Iglesya na tumayo sa kanyang lugar bilang saksi ng Diyos sa mga tao. Tayo ngayon ang may pananagutang ibigay sa mga tao ng bawat wika ang ebanghelyo sa kanilang sariling wika. Ito ang ating utang sa sanlibutan. Pinasasalamatan namin ang Diyos na may isang bagay na nangibabaw ang Iglesya higit sa lahat: ang pag-aaral ng mga wika. Ngayon, ang ebanghelyo ay umaabot sa buong mundo at ang Salita ng Diyos ay naisalin na sa karamihan ng mga wika.

Ang "lahat ng bagay" ay nagpapahiwatig na ang Salita ng Diyos ang kredo ng Iglesya. Naroon ang ating mga utos sa pagmamartsa. Ito lamang ang gabay kung paano dapat gawin ang gawain ng Diyos. Sinabi ni Pablo, "Gaya ng isang matalinong punong tagapagtayo ay inilagay ko ang pundasyon" (1 Cor. 3). Siya ang tagapangasiwa ng mga plano. Nakita niya ang huwaran ng assembly ng Diyos sa Corinto sa paglalagay ng unang bato. Dapat tiyakin ng matatandang kapatid na ang bawat isang irerekomenda sa full-time na paglilingkod ay pamilyar sa huwaran ng assembly sa Bagong Tipan. Dapat niyang madama na solemne niyang pananagutan, hindi lamang ang ipangaral ang ebanghelyo, kundi bautismuhan ang mga nagbalik-loob at tipunin sila sa mga maka-Kasulatang assembly. Dapat siyang mag-ingat sa bitag ng klerikalismo, "na kinapopootan ng Panginoon." Dapat ay sapat ang kanyang unawa sa Salita ng Diyos upang turuan ang mga nagbalik-loob na tanggapin ang mga pananagutan sa pagkasaserdote, ministeryo at pagiging matanda, at saka umalis sa kanilang daraanan at

hayaang kumilos ang pananampalataya ng mga banal. Ang natatanging kaloob, muli naming idinidiin, ay ibinigay hindi upang gawin ang gawain ng mga banal para sa kanila, kundi upang ihanda sila na gawin ang sarili nilang gawain. Ang pagkaunawa sa banal na prinsipyong ito sa gawain ng Panginoon ay magliligtas sa atin mula sa espiritu at pamamaraan ng relihiyosong sanlibutan at hahantong sa mas malulusog na katutubong iglesya ng mga banal.

Ang "lahat ng inyong mga araw" ay nagtitiyak sa Iglesya ng presensya ng kanyang Panginoon hanggang sa matapos ang araw ng kanyang patotoo. Sa magandang pangakong ito ay taglay natin ang pakikisama ng isang Kaibigan, ang pagbabantay ng isang Bantay, at ang patnubay ng isang mata na hindi naiidlip ni natutulog.

Ang aming huling paalala ay ang

Pagpapasakop ng Lingkod

Ang mga prinsipyong pinagbabatayan ng pagkilos ng mga assembly ay gagana lamang nang wasto kapag may espirituwalidad sa bayan ng Panginoon. Posible, at nangyayari nga, na dahil wala tayong lupon ng mga direktor o sentral na pangkat ng mga tao na mamamahala, ang mga nasa full-time na gawain ay may pagkakataong maging batas sa kanilang sarili. Kaya, kung walang malambot na budhi at personal na pagtatalaga sa Panginoon, maaaring gawing dahilan ng isang tao ang pagiging mangangaral o misyonero para sa isang tamad at walang-layuning pamumuhay. Maaari niyang gamitin ang mga assembly bilang lakaran sa paglilibot sa mundo, habang ang bayan ng Panginoon ang nagbabayad ng gastos; o maaari siyang tumira sa isang mission station na walang ginagawa kundi

hadlangan ang mga katutubong mananampalataya na tanggapin ang kanilang wastong pananagutan sa mga lokal na assembly. O maaari siyang maging mangangaral tuwing Sabado't Linggo lamang na walang pasanin para sa naliligaw ni malasakit sa mga pagod at dukha sa kawan. Minsan ay sinabi ni G. Harold St. John na kapag nagtatrabaho ang isang tao para sa isang panginoon sa lupa, bibigyan niya ito ng hindi bababa sa walong oras bawat araw, at kapag nagtatrabaho para sa ating Panginoon sa langit, hindi siya dapat magbigay sa Kanya ng mas kaunti. Hinati ng Cristianong maginoong ito ang kanyang araw sa tatlong bahagi: ang umaga para sa panalangin, pag-aaral at pagsusulat; ang hapon para sa pagdalaw; at ang gabi para sa pangangaral.

Dahil ang mga prinsipyo ng Bagong Tipan na gumagabay sa gawain ng Diyos na isinasagawa ng mga assembly ay gagana lamang kung saan may kabanalan at espirituwal na unawa, dapat ay doble ang ingat ng mga assembly na tiyaking ang mga maka-Diyos, tapat at hindi-mapapalitang lingkod lamang ang palalayain para sa full-time na gawain. Sundan ang landas ng mga maka-Diyos na lingkod sa Aklat ng Mga Gawa. Mga lalaking hindi-mapapalitan ang pinalaya sa kab. 13:1-3. Hindi sila naglibot upang sabihin kung ano ang kanilang gagawin, kundi tuwirang sumabak sa gawain ng pangangaral ng ebanghelyo at pagtatanim ng mga assembly. Pagkaraan ng ilang panahon ay bumalik sila sa kanilang sariling assembly upang ibalita ang ginawa ng Panginoon (14:26, 27).

Sundan ang kanilang landas at tingnan kung paanong sila'y lubos na nasa ilalim ng pamamahala ng Espiritu. "Sila'y pinagbawalan ng Espiritu Santo na salitain ang salita sa Asia" (Gawa 16:6). Itinuturo nito sa atin na ang

pangangailangan ng alinmang bansa ay hindi na rin tawag upang pumunta roon. Pagkatapos, "hindi sila tinulutan ng Espiritu" (t. 7). Pagkatapos, "Nakakita si Pablo ng isang pangitain sa gabi" (t. 9). Dito, nagsasara at nagbubukas ang mga pinto sa kanila habang sila'y kumikilos sa landas ng kalooban ng Diyos. May tatlong pagbabalik-loob sa ating kabanata na naglatag ng pundasyon ng unang assembly sa Europa. Bawat kaluluwa ay nangailangan ng ibang paraan ng paglapit. Ngunit ang mga lalaking sinanay sa paghikayat ng mga kaluluwa ay makatatagpo ng paraan upang malapitan ang mga pusong wasak. Ang una ay larawan ng isang kaluluwang naghahanap (t. 14), ang ikalawa ay isang kaluluwang nalinlang (t. 16-18), at ang ikatlo ay ang tahasang makasalanan (t. 30, 31). Pansinin ang kagamitang ginamit sa mga pagbabalik-loob na ito. Sa una, ang diin ay nasa Salita ng Diyos; sa ikalawa, nasa Pangalan ni Cristo; sa ikatlo, nasa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ang ganitong kagamitan ay higit na mabuti kaysa sa baluti ni Saul upang harapin ang higanteng umaalipin sa mga kaluluwa. Dapat nating panatilihin ang diin sa kagamitan ng Diyos para sa Kanyang mga lingkod. Walang makapapalit sa Salita ng Diyos, sa kapamahalaan ni Cristo na nakadambana sa Kanyang magandang Pangalan, at sa kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Tatapusin ko sa mga salitang ito ng isang tapat na lingkod ni Cristo: "Ang kailangan ng panahon ay mga lalaki. Mga lalaking nag-iisip. Mga lalaking kumikilos. Mga lalaking hindi ipinagbibili. Mga lalaking tapat hanggang sa kaibuturan ng puso. Mga lalaking hahatol sa mali, nasa kaibigan man o kaaway, nasa kanilang sarili man o nasa iba.

"Mga lalaking ang budhi ay kasintapat ng karayom ng kompas sa polo. Mga lalaking maninindigan para sa tama kahit sila'y mag-isa. Mga lalaking makapagsasabi ng totoo at makatitingin nang tuwid sa mata ng sanlibutan.

"Mga lalaking ang tapang ay nagmumula sa loob at ang kagalakan ay bumubukal mula sa malalim na bukal ng kaluluwa. Mga lalaking dinadaluyan ng agos ng buhay na walang hanggan nang tahimik, malalim at malakas. Mga lalaking napakalaki para sa ilang hangganan at napakalakas para sa pagkaalipin sa tao. Mga lalaking alam ang kanilang mensahe at ipinahahayag ito. Mga lalaking alam ang kanilang lugar at pinupuno ito. Mga lalaking hindi tamad magtrabaho ni mapagmataas upang maging dukha. Mga lalaki—tunay na mga lalaki—Mga lalaki ng Diyos."

Isang Pakiusap para sa Banal na Kapayakan

Mga Assembly ayon sa Bagong Tipan

Ang dakilang atas ng ating Panginoon, na ang apat na bahagi ay makikita sa mga huling kabanata ng apat na ebanghelyo, ay may tatlong bahagi: inatasan ang mga alagad na ipangaral ang ebanghelyo at, sa pamamagitan ng katotohanan ng ebanghelyo, gumawa ng mga alagad mula sa lahat ng bansa; tatatakan nila ang mga alagad sa tubig ng bautismo; at huhubugin nila ang mga alagad sa pagtuturo ng buong Salita ng Diyos.

Ipinakikita ng Aklat ng Mga Gawa kung paano ito isinagawa. Nang maligtas ang mga kaluluwa sa pangangaral ng ebanghelyo, sila'y binautismuhan at tinipon sa mga kongregasyon sa mahalagang Pangalan ng ating Panginoon. Hindi kailanman naging pastor ang mga apostol sa bawat kongregasyon, kundi ipinasa nila ang pasanin ng pananagutan sa balikat ng mga nagbalik-loob. Pagkatapos, sa lalong madaling panahon, sila'y lumipat sa ibang lugar at hinayaang kumilos ang pananampalataya ng mga banal.

May tatlong dahilan ang pagtatanim ng mga assembly ayon sa Bagong Tipan: sa panig ng sanlibutan, pinatatag nila ang mga napagtagumpayan ng ebanghelyo at naging himpilan para sa lalong pagsulong ng ebanghelyo ni Cristo.

Sa panig ng iglesya, sila ay magiging mga lugar ng banal na pagkakasundo kung saan maibabahagi ng mga banal ang kanilang mga kagalakan at kalungkutan. Sila ay para sa pagpapatibay at pagkalinga sa isa't isa, at

lugar ng pagsasanay para sa paglago ng espirituwal na kaloob at pamumuno.

Sa panig ng Diyos, sila ay magiging maliliit na santuwaryo na mula roon ay patuloy na papailanlang ang insenso ng pagsamba at papuri.

Sa anong mga pangalan sila dapat makilala?

May isang Banal na prinsipyo na gumagabay sa atin dito. Anumang pangalan o mga pangalan na hindi sumasaklaw sa kabuuan ay sektaryan. Sinaway ni Pablo ang mga taga-Corinto dahil sa pagkakapangkat-pangkat nang sabihin nila, "Ako'y kay Pablo, at ako'y kay Apolos, at ako'y kay Cefas, at ako'y kay Cristo." Bawat pangalan ay sumaklaw lamang sa sarili nitong pangkat, at hindi kasama ang lahat ng iba.

Itinuturo ng Espiritu ng Diyos ang tatlong mabigat na kasalanang nagagawa sa paggamit ng mga pangalang hindi maka-Kasulatan: ito ay kasalanan laban sa Persona ni Cristo, "Nabahagi baga si Cristo?" Ito ay kasalanan laban sa gawa ni Cristo, "Ipinako baga sa krus si Pablo dahil sa inyo?" Ito ay kasalanan laban sa Pangalan ni Cristo, "O kayo baga'y binautismuhan sa pangalan ni Pablo?" (1 Cor. 1:10-13). Ang iisang Pangalan ng ating maluwalhating Panginoon ay itinapat laban sa lahat ng ibang pangalan, bilang tanging Pangalan na makapagbubuklod sa mga banal sa praktikal na paraan (t. 10). Ang katotohanan ng pagtitipon sa Kanyang Pangalan lamang ay nangangahulugang magtipon na nagpapasakop sa kapamahalaan ni Cristo na nakadambana sa Pangalang iyon. Doon lamang tunay na makakamtan ang tunay na pagkakaisa.

Sa anong mga katangian makikilala ang mga iglesya ayon sa Bagong Tipan?

Hayaan ninyong ituro ko ang ilan.

1. Sa lingguhang pagdiriwang ng Hapunan ng Panginoon. Ang Hapunan ng Panginoon ang sentro ng buhay-iglesya ng mga unang banal. Ito ang gitna na mula roon ay lumalabas ang lahat ng kanilang gawain. Itinuro ni Pablo, sa pamamagitan ng Espiritu, sa mga taga-Corinto na sa Hapunan ng Panginoon ay ipinahahayag nila ang isang pakikisama (10:16-17); ipinahahayag nila ang isang katotohanan (11:26); inaalala nila ang isang Persona (11:24); at iniingatan nila ang pag-asa sa pagbabalik ng Panginoon (11:26).

Ang lingguhang pistang ito ang nag-ingat sa mga assembly mula sa apostasiya ng relihiyosong sanlibutan, sapagkat dito ay ipinaliliwanag ng Espiritu ng Diyos ang kahulugan ng Krus tuwing araw ng Panginoon.

Noong mga unang araw ng patotoo ng assembly, kinilala ng mga maka-Diyos na banal na ang isang pisikal na bilog ay magandang sagisag ng ating pagtitipon sa paligid ng ating Panginoon Mismo, at ng Kanyang presensya sa gitna ng Kanyang sariling bayan. Ang pitong iglesya sa Pahayag 2 at 3 ay bumuo ng isang pisikal na bilog upang ibigay sa atin ang larawan ng ating Panginoon sa gitna ng Kanyang sariling bayan. Bukod dito, ang pisikal na bilog ay angkop sa uri ng pulong na sinisikap nating isagawa sa takot sa Diyos. Hindi tayo pumupunta upang makinig sa isang lektyur kung saan ang mga upuan ay nakaayos upang makita ng mga tagapakinig ang isang lalaki sa plataporma o sa pulpito. Pumupunta tayo upang magtipon sa paligid Niya, at kung saan ang Espiritu ng Diyos ay may

kalayaang gamitin ang iba't ibang tungkuling pangsaserdote at espirituwal na kaloob, para sa paglalahad ng mga kaluwalhatian ni Cristo sa bawat banal.

Ngunit hindi mapabayaan ng Diyablo ang maliliit na kapulungang ito. Kinapopootan niya ang Banal na kapayakan at ang maka-Kasulatang kaayusan. Ngayon, may ilang nahuhumaling na baguhin ang lahat. Sinisikap nilang itulak ang Hapunan ng Panginoon sa isang sulok at gawin itong pangalawa sa ibang mga bagay. Habang sumisiksik ang ibang bagay, nagagambala ang pagsamba ng mga banal. Kapag naipasa na ang mga sagisag, wala nang panahon para sa salitang iyon ng ministeryo, kung kailan ang mga puso ng mga banal, na pinalambot ng nadaramang presensya ng Panginoon, ay handang tumanggap nito. May ilang assembly na nasasanay nang dumaan sa pagkakasunud-sunod nang hindi man lang binubuksan ang Salita ng Diyos. Ang bagong diing ito ay lumikha ng pagkabalisa sa bayan ng Panginoon kaya, madalas, dalawa o tatlong himno ang sunud-sunod na ibinibigay nang walang pagsasanay sa bahagi ng mga kapatid na tumayo at sumamba.

Sa maraming lugar, nasisira ang pisikal na bilog. Masyadong abala ang ayusin pa ang mga upuan para sa isang "mas mahalagang" pulong na susunod. Kaya ang diin sa Hapunan ng Panginoon ay pababaw na lamang, kung ihahambing sa mga unang araw nang ito ay napakahalaga sa puso ng bayan ng Diyos. Isang bagong salinlahi ang lumitaw, na ang diin ay sa kabataan at sa relihiyosong libangan. Gayunman, sa kabila ng walang-hanggang mga gawain sa mga kabataan, kakaunti ang lumalabas na may mas malalim na paninindigan sa mga

bagay ng Diyos at mas malalim na pagkakilala sa Panginoong Jesucristo.

2. Ang iglesya sa Bagong Tipan ay nakilala bilang taguan ng Banal na katotohanan (1 Tim. 3:14-16). Ang katotohanan ay nakapaloob kay Cristo, "ang katotohanan na nasa kay Jesus." Ito ay nakadambana sa Kasulatan, "Ang salita mo ay katotohanan," at ipinagkatiwala sa iglesya, "ang haligi at suhay ng katotohanan." Ang kahit kaunting pagkakilala sa relihiyosong sanlibutan ay magpapakita na, sa kabuuan, maraming katotohanan ang binabalewala o itinatatwa. Inilalantad ng interdenominasyonalismo ang bayan ng Diyos sa mga kamalian ng lahat. Ang kaligtasan ng mga assembly ay nasa kanilang pagkakahiwalay. Ang papel ng mga assembly ay panatilihin ang isang payak na patotoo sa buong katotohanan ng Diyos. Saka lamang sila magiging kanlungan ng kapahingahan para sa mga pagod na banal, na, kapag pagod na sa buong pagkukunwari at halu-halo, ay naghahanap ng mapagpapahingahan ng kanilang litong espiritu.

3. Isa pang tanda ay ang kalayaan ng Banal na Espiritu na kumilos. Sa Kanyang Soberanya ay nagkakaloob Siya ng kaloob (1 Cor. 12:11), at sa Kanyang kalayaan ay ginagamit Niya ito ayon sa Kanyang ibig (1 Cor. 14). Sa lahat ng sistemang pang-iglesya, binabalewala ang mahalagang katangiang ito ng huwaran ng Bagong Tipan. Iisa lamang ang kinikilalang may karapatang magturo at mangaral, at iyon ay sa pamamagitan ng ordinasyon ng tao. Dapat nating igiit ang malayang pagkilos ng Espiritu sa assembly kung nais nating manatili sa kaayusan ng Bagong Tipan. Dito ay muli nating dapat patunugin ang babala sa bayan ng Diyos. Anumang nagpapakilalang assembly na naglalagay ng

isang tao bilang pastor sa kanila ay salungat sa Salita ng Diyos at hinahamon ang Soberanya ng Espiritu ng Diyos sa Kanyang sariling Bahay. Ang mga pastor ay mga pastol at ang mga pastol ay mga tagapangasiwa. Sila ay itinatalaga ng Espiritu Santo at laging maramihan sa bawat iglesya sa Bagong Tipan.

4. Isa pang katangian ng unang Cristianismo ay ang pamamahala. Obispo, tagapangasiwa, pastor, pastol, matanda—ito ang mga pangalang ibinigay sa mga lalaking nangangasiwa sa assembly ng Diyos. Ang mga maka-Diyos na lalaking ito ay nangunguna sa bayan ng Panginoon at nagsasagawa ng disiplina kapag kailangan. Napakalayo ng Sangkakristiyanuhan sa Banal na huwarang ito. May ilan, na hindi kailanman bumili ng katotohanan, ang handang ipagbili ito para sa isang maginhawang buhay-relihiyoso. Nagsasalita na sila ngayon ng paglalagay ng isang pastor sa bawat assembly—ibig sabihin, siyempre, na siya rin ang magiging mangangaral at guro. Handa silang magbayad ng malaking sahod sa isang taong gagawa ng lahat ng kanilang gawain para sa kanila. Hindi lamang ito pagbabago ng pamamaraan; ito ay paglabag sa mga Banal na prinsipyo at paglayo sa katotohanan ng Diyos.

Ngayon ay nagkaroon tayo ng malaking kakayahan sa pag-oorganisa, hanggang sa maraming maka-Diyos na banal ang nagtatanong kung ang Espiritu ng Diyos ay maaalis na sa gawain dahil sa organisasyon. Kumbinsido kami na ang Diyablo ay nagtatayo ng makinarya sa maraming kapulungan ng bayan ng Panginoon na magpapadali sa kanilang pagbabalik sa Babilonia at malamon ng ekumenikal na espiritu ng ating panahon.

5. Isa pang natatanging tanda ng mga unang banal ay ang tapat na paghahayag ng Ebanghelyo. Sa kanilang pangangaral, inilantad ang kasalanan, nakumbinsi ang mga makasalanan, at malinaw na iniharap ang lunas ng Diyos para sa kasalanan at sa makasalanan. Inihahambing ang mga assembly sa mga ilawan upang ipagliwanag ang ilaw ng katotohanan sa nadidilimang kaluluwa ng mga tao. Ang mga pagbabalik-loob ay may kasamang pagsisisi. Gumagawa ba tayo ng mga pagbabalik-loob ngayon nang walang pagsisisi? Hindi ba't madalas tayong nasisiyahan sa isang malabnaw at sentimental na "paniniwala-lamang"? Sa ilang lugar, sa isang programa ng pag-awit ng mga koro at isang palabas na "hurrah-boy," ang buong bagay ay nakatuon upang akitin lamang ang mga bata at mga walang-isip. Tayo'y "magpakalalaki at magpakalakas." Ang dangal ng assembly ay mapapanatili lamang sa pamamagitan ng unawa sa katotohanan ng Diyos. Inaasahan ng Biblia ang bawat panahon, at, kung wastong ipinaliliwanag, ay higit pa sa kayang tapatan ng mga kalaban nito ngayon. Tayo'y magpakatatag sa mga pinagpalang katotohanan nito at, nang may kababaang-loob at tapang, dalhin ang labanan hanggang sa pintuan ng kaaway. Sangkapan natin ng katotohanan ang ating mga kabataan upang hindi sila mapahiya, sa kolehiyo, sa unibersidad o sa larangan ng kanilang propesyon. Sapat na ang relihiyosong libangan sa mga sekta. Hayaang ang mga assembly ay maging, sa katotohanan, "ang haligi at suhay ng Katotohanan."

6. Isa pang tanda ng Banal na kapayakan ay ang pagsasarili ng bawat assembly. Ang sentralisasyon, maging sa pondo, pamamahala o pagtuturo, ay salungat sa nasusulat. May pakikisama ang mga assembly

sapagkat tayo ay mga kabahagi sa buong katotohanan ng Diyos. Dapat nating tanggihan ang paggamit ng anumang hangal na pamamaraan sa gawain ng Diyos na makapagpapalungkot at makasasakit sa mga maka-Diyos na banal na nagsisikap panatilihin ang Banal na kapayakan. Ngunit sa pamamahala, ang bawat assembly ay nakatayo sa sarili nitong pundasyon, na may pananagutan sa Panginoon lamang. Kaya, sa katapatan sa katotohanan, dapat nating labanan ang anumang pagtatangkang magsentralisa, maging sa pagtuturo, gaya ng sa isang Bible school; sa pamamahala, gaya ng sa isang sentral na pangangasiwa; o sa pondo, gaya ng sa isang samahang pangmisyonero.

Ang ating landas, kung gayon, ay lumakad nang hiwalay sa relihiyosong sanlibutan. Ang ating layunin ay dapat na bigyang-lugod ang ating Panginoon lamang at sikaping maibalik ang kaalaman sa katotohanan ng Diyos. At kapag ang mga pagod na kaluluwa, sawa na sa pagkukunwari at kaguluhan ng Babilonia, ay naghanap ng kapahingahan, matatagpuan nila sa mga assembly ng bayan ng Panginoon ang maliliit na "Bethlehem" kung saan may "tinapay na sagana at lumalabis pa," na walang halo ng mga haka-haka ng tao.

Pagbabago at Pagkabulok

Muling inilimbag mula sa Assembly Annals

Nabubuhay tayo sa isang mundo ng pagbabago. Sa pulitika, sa lipunan at sa moralidad, nagbabago ang mundo. Itinataas ng espiritu ng Nasyonalismo ang ulo nito sa bawat kontinente, na nagbubunga ng mga diktadurang rehimen na mas malupit pa kaysa sa mga Kolonyal na kapangyarihang pinalitan nila. Sa moralidad, mas mababa ang mga pamantayan kaysa kailanman. Nabubulok ang lipunan hanggang sa kaibuturan. Ang kasalanan ay hindi lamang pinalalampas kundi sinasang-ayunan pa. Bawat tuntunin ng kagandahang-asal ay nilalabag nang may walang-hiyang pagmamataas. Ang resulta ay kaguluhan at sakuna sa buong mundo. Ang mga pinuno at estadista ay natitigilan dahil wala silang makitang paraan upang pigilan ang dumarating na agos ng kawalang-batas na may hilig na ibagsak ang mga tinatanggap na pamantayan ng katarungan at kagandahang-asal.

Nakababahala na ang espiritung ito ng pagbabago, at ng pagnanais na magbago, ay palihim na gumagapang sa mga assembly ng bayan ng Panginoon. Mas mababa kaysa kailanman ang mga pamantayang etikal. Bihira na ang espirituwal na pagkasensitibong umiiwas sa lahat ng mababa, makitid at di-makatarungan. Ang pamantayan ng pagtimbang ay nababaluktot ng mga panlabas na batayan na hindi kumikilala sa espirituwal na halaga at maka-Diyos na pagkatao ng mga banal.

Sa isang espirituwal at mapagmasid na isip, halata na marami sa mga pagbabagong nagaganap sa atin ay hindi nakadaragdag sa dangal ni sa pagkakaisa ng mga

patotoong nagtitipon nang payak sa Pangalan ng Panginoon.

Ang mga prinsipyo ng assembly ayon sa Bagong Tipan ay gagana lamang nang wasto kapag ito ay may espirituwalidad at kapayakan. Habang humihina ang espirituwalidad, ang maka-Diyos na kapayakan ay pinapalitan ng mga makalamang inobasyon na nagbibigay ng relihiyosong libangan at umaakit sa makalamang isip. Nagtatanong ang mga maka-Diyos at nagsasanay na banal kung saan hahantong ang lahat ng ito.

Ang pagpapatupad ng marami sa mga pagbabagong ito ay hindi lamang nagdulot ng alitan at kalituhan sa mga banal, kundi ang ilan sa mga ito ay lumalabag sa mga banal na prinsipyo at humahantong sa pagkabura ng mga katangiang nagpapakilala sa Iglesya ng Bagong Tipan. Pag-isipan natin ang ilan sa mga ito para sa pagninilay at panalangin ng bayan ng Diyos. Isipin ang katotohanan ng

Pangangasiwa

na ipinagkatiwala ng Diyos sa mga maka-Diyos, hinog at maka-Kasulatang kwalipikadong tagapangasiwa. Sa maraming lugar, napalitan ito ng business meeting kung saan ang bawat sanggol o baguhan ay may pantay na tinig. Ang espirituwal na paghatol ng mga maka-Diyos at may karanasang pastol ay isinasantabi para sa isang sistema ng pagboto na umaakit sa mga makamundo at hindi naturuan. Kapag sinuri natin ang Bagong Tipan, matututunan natin na ang mga problemang pansamantala gayundin ang mga espirituwal ay inilagay sa kamay ng mga hinog at kwalipikadong lalaki na pinagtitiwalaan ng mga banal. Alam naman natin na may

ilang lalaking gumamit sa katotohanan ng pangangasiwa upang magkamit ng kapangyarihan

[Isang bahagi rito ang hindi mabasa sa scan.]

pagkadiyakono, ang kabanalan at pagkahinog ay hinihingi ng Salita ng Diyos at dapat kilalanin ng mga banal ang itinalaga ng Espiritu Santo. Pagkatapos, isaalang-alang ang usapin ng

Espirituwal na Kaloob

Ang natatanging kaloob na maaaring may katangiang naglalakbay ay ibinigay hindi upang gawin ang gawain ng mga banal, kundi upang ihanda sila na gawin ang kanilang sariling gawain (Efe. 4:11-12). Ang mga lalaking ganito ay humayo upang magtanim ng mga assembly at diligin ang mga ito sa pana-panahong pagdalaw. Ang kanilang layunin ay patatagin ang mga banal sa katotohanan ng Diyos at pasiglahin ang paglago ng lokal na kaloob; saka sila iiwan upang kumilos para sa kaluwalhatian ng Diyos. Kapag ang ganitong mga lalaki ay pumasok sa isang assembly upang manatili nang isa o dalawang taon, gaya ng ginawa ni Pablo at ng iba, iyon ay upang ipagtanggol ang mga banal laban sa pagpasok ng maling aral, o upang gabayan sila sa pagsasagawa ng disiplina o iba pang mabibigat na bagay. Wala ni isa man sa mga lalaking ito ang naging ebanghelista, pastor at guro ng isang assembly hanggang sa masakal ang pagsasanay ng lokal na kaloob. Ang mga assembly sa Bagong Tipan ay itinanim at dinilig ng mga naglalakbay na mangangaral na lumipat sa ibang lugar at hinayaang kumilos ang pananampalataya ng mga banal.

Kapag nawala ang espiritu ng pagpapasimuno at ang mga assembly ay naging hintuan na lamang ng mga turista at propesyonal na mangangaral—marami sa kanila ay may mas mababang kaloob pa kaysa sa taglay ng mga lokal na assembly na dinaraanan nila—kung gayon ay may espiritu ng katamaran na lumulukob sa ilang pulong, na nagbubunga ng pagkahumaling na himukin ang mga kabataang lalaki, lalo na kung may digri sa kolehiyo, na maging pastor. Ang dahilan ay kailangan daw ito upang gawin ang pagdalaw sa kapitbahayan na wala nang panahong gawin ng mga kapatid na nagtatrabaho gamit ang kanilang mga kamay. Ngunit palagi itong nauuwi sa pastor na nagiging ebanghelista at guro na rin. Ito ay humahantong sa panghihina ng loob ng lahat ng lokal na pagsasanay, pinakakain ang espiritu ng katamaran, at madalas ay humantong sa pagkakahati at kalituhan sa mga banal.

Isa pang mapanganib na pagbabago ngayon ay kaugnay ng pagbabago ng diin sa kahalagahan ng Hapunan ng Panginoon. Sa loob ng maraming taon, itinuring ng mga maka-Diyos ang Hapunan ng Panginoon bilang pinakamahalagang pulong ng mga banal. Ang diing ito ang lihim ng pagkakaingat ng mga assembly mula sa maling doktrina. Sa pulong na ito, ang pisikal na bilog ay itinuturing na sagisag ng presensya ng Panginoon sa gitna ng Kanyang tinipong bayan, at ang Salita ng Diyos ay nangingibabaw, kapwa sa pagsamba ng mga banal at sa paghihikayat sa praktikal na pamumuhay-Cristiano.

Ngayon, nagbabago ang diin. Marami ang kuntento nang makitang minamadali ang ganitong pulong nang hindi binubuksan ang Salita ng Diyos upang magbigay-daan sa ibang mga pulong na susunod.

Ang mas magaang diing ito sa Hapunan ng Panginoon ay kitang-kita kung minsan sa ilang lumiliban sa pista, ngunit sumusulpot sa ikalawang pulong upang makinig ng sermon o magturo ng klase sa Sunday School.

Isa pang pagbabagong hindi nakabubuti sa gawain ng Diyos ay makikita sa Sunday School o sa mga pulong ng kabataan. Ang mga makalumang himno ng mga bata na nagpatayo ng isang kabuuan ng katotohanan sa kaluluwa ng mga bata ay napalitan ng pag-awit ng mga koro. Marami sa mga ito ay kasing-hungkag at kasing-gaan ng balahibo, at marami ang tahasang kalokohan at pambata. Ang relihiyosong libangan ay unti-unting nagtutulak palabas sa Salita ng Diyos at sa panalangin. Napapalitan na ba ng mga kalasag na tanso ang mga gintong kalasag ng katotohanan? Mas mabuti pa ang malamlam na ginto kaysa sa makinang na tanso ng pagbabago at pagkabulok.

Ang ganap na balanse ng karanasan at sigla na dapat magsanib para sa kaluwalhatian ng Diyos ay halos nawasak dahil sa paghihiwalay ng matatanda at ng mga kabataan. Marahil kapwa may sisi ang dalawang panig. Ang matatanda, sa hindi paghihikayat at pagsasanay sa mga kabataan sa mga daan ng Diyos; at ang mga kabataan, sa paglinang ng mapaghimagsik at mapagsariling espiritu laban sa matatanda. Ang matatag na kamay ng karanasan ay dapat nasa bawat pulong ng lokal na assembly. Kung hindi ganito, ang hilig ay mapaanod o magkawatak-watak.

Hindi kami tutol sa mga pagbabago, basta't hindi nito nilalabag ang mga banal na prinsipyo o sinisira ang dangal at paggalang ng assembly. Ngunit wala kaming nakikitang anuman ng Diyos o ni Cristo sa walang-

awang pagpupumilit na baguhin ang lahat at wasakin ang mga lumang palatandaan ng buhay at patotoo ng assembly.

Ang ating kailangan ngayon ay hindi higit pang makinarya o walang-tigil na pagbabago ng pamamaraan. Kailangan natin ang Diyos. Para sa ating karukhaan, kailangan natin ang ginto ng pagkakilala sa Diyos; para sa ating kahubaran, kailangan natin ang pagkatao ni Cristo; at para sa ating kamangmangan, kailangan natin ang pamahid sa mata o ang unawang mula sa Banal na Espiritu (Pah. 3). Kung wala Siya, may kahungkagan at pagkatalo. Kasama Siya, makasusulong tayo tungo sa tagumpay. Nasa atin ang pagpili. Makinarya ba o ang Diyos, relihiyosong panlabas na anyo o si Cristo, makalamang lakas o ang kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos? Tulungan nawa tayong lahat ng Diyos na dalhin Siya sa ating buhay, sa ating mga tahanan at sa ating mga assembly, at sumulong kasama Niya upang harapin ang poot ng lahat ng ating mga kaaway.